Institute of Political Economy

Marso 2004

Praymer sa Pribatisasyon ng Serbisyo sa Tubig

Puro Tubo, Walang Tubig

Nitong Enero 2004, nabunyag ang plano sa pagtaas ng presyo ng tubig ng mga pribadong kumpanya ng serbisyo sa tubig. Nitong Pebrero-Marso, nabunyag ang "pagsaklolo" ng gubyerno sa naluluging kumpanya ng Maynilad Waters na pag-aari ng mga Lopez na may-ari din ng Meralco at ABS-CBN Channel 2. Nagkasundo ang gubyernong Arroyo at Maynilad na hindi na babayaran ng Benpres (may-ari ng Maynilad) ang utang na P8 bilyong concession fee kapalit ng 60% share ng Maynilad na ibabalik sa MWSS na ahensya ng gubyerno. Ibig sabihin, ang mga utang ng Maynilad ay babalikatin na ng gubyerno na ipapasa naman sa mamamayan.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila ● P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 ● Fax 7160108 ● E-mail: perc@ibon.org

Hindi matakpan ng gubyerno at kahit ng kontroladong midya ng mga Lopez ang alingasngas sa Maynilad lalo pa't malinaw ang kaugnayan nito sa eleksyon. Marami ang nagsasabing ang pagpayag ni Noli de Castro, kilalang tauhan ng mga Lopez at brodkaster ng Channel 2 na maging katambal ni Arroyo ay bahagi ng business deal sa pagitan ng mga Lopez at ng administrasyong Arroyo. Syempre pa, panay ang tanggi dito ng mga tagapagsalita ng gubyerno subalit wala nang maniwala.

Subalit ang kontrobersyal sa Maynilad ay higit pa sa mga kasunduang pampulitika. Hindi lamang ito halimbawa ng mga sabwatan ng mga kumprador burges at mga burukrata kapitalista para pagsamantalahan ang mamamayan. Ang bentahan sa Maynilad ay ilustrasyon kung paano pinipiga ng globalisasyon at pinagtutubuan ng mga dayuhang kapital at lokal na mga kasabwat sa negosyo at gubyerno ang mamamayang Pilipino.

1 Bakit mataas ang singil ng serbisyo sa tubig gayong palpak ang serbisyo?

Nagsimula ang walang katapusang sakit ng ulo ng mamamayan sa Kamaynilaan sa serbisyo sa tubig noong maganap ang pribatisasyon ng Metropolitan Water Sewerage System (MWSS) noong 1997. Pinaghatian ng dalawang pribadong water concessionaires, ang Maynilad Water Services Inc. (MWSI) ng Lopez-Suez Lyonnaise at Manila Water Company Inc. (MWCI) ng Ayala-Bechtel ang MWSS.

Nangako sila na mabibigyan ang lahat ng tahanan sa Kamaynilaan ng may kalidad na serbisyong tubig sa murang halaga. Nangako kapalit ng 25 taong nabentang kontrata sa dalawang pribadong kumpanyang Maynilad at Manila Water (mula 1997 hanggang 2021) na palalawakin ang saklaw ng serbisyong tubig mula sa 67% sa 1997, 85% sa 2001 at buong saklaw sa 2006. Ipinangalandakan din na kaya nilang pababain ang taripa sa tubig, pababain ang batayang halaga ng konsumo sa tubig mula sa P8.78 kada metro kubiko (m3) na singil ng MWSS bago ang pribatisasyon sa P4.97 m3 ng Maynilad at P2.32 m3 sa panig nag MWC. Babalikatin nila ang pagbabayad ng utang ng MWSS sa pamamagitan ng pagbabayad ng concession fee sa gubyerno. Nakasaad din sa kasunduan na walang pagtaas (o may moratorium sa

pagtaas) ng singil sa serbisyo sa tubig sa susunod na sampung taon pagkatapos isapribado ang MWSS noong 1997.

Subalit walang napala ang mamamayan dito. Nagpayaman habang ginagatasan ng Maynilad at Manila Water ang mamamayan na gamit ang concession agreement na pinasok nito sa gubyerno. Taliwas sa napagkasunduang moratorium sa singil sa tubig, nagtaas na ang Maynilad at Manila Water ng singil simula pa lamang ng 1998. Nagagawa nila ang mga pagtaas ng may basbas ang MWSS na nagsisilbing regulatory office o tagapangasiwa sa implementasyon ng mga concession agreement. (tingnan ang **talahanayan 1**)

Talahanayan 1: Kasaysayan ng Pagtaas ng Batayang Singil ng mga Pribadong Water Concessionaires
1997 – 2003 (sa piso per m3)

Anim na buwan bago ang pribatisasyon ng MWSS: 8.78 per m3

Taon	Maynilad	Manila Water
1997 – 1998	4.96	2.32
1999	5.80	2.61
2000	6.13	2.76
2001	10.79	4.22
2002	15.46	6.75
2003	17.52	12.22
Change (%)	253	427

Pinaghalawan: MWSS-Regulatory Office

Nakatago sa iba't ibang singilin ang tumataas na presyo ng tubig. Kumakatawan sa higit kalahating porsyento ng bayarin sa serbisyo sa tubig ang sari-saring taripa na pinapasan ng konsumer upang tiyakin ang tubo ng mga pribadong water concessionaires. **(Tingnan ang Tsart 1)** Tinitiyak ng mga taripang ito na makakaiwas sa pagkalugi ang mga water concessionaires kaugnay ng paggalaw ng dolyar laban sa piso at ng sa gayon, di maapektuhan ang kanilang tubo at operasyon.



Hindi niresolba ng dalawang water concessionaires ang kawalan ng magagamit na tubig sa Kamaynilaan. Ang pangakong 100% suplay ng tubig sa limang lugar sa taong 2001 para sa nasasakupan ng Maynilad ay nagawa lamang sa Manila at Quezon City. Sa panig ng Manila Water, bagamat lumampas ito sa target sa mga mauunlad nang lunsod at bayan sa Kamaynilaan, ang mga dati pa at matagal nang nangangailangan ng serbisyong tubig sa probinsya ng Rizal ay nananatiling di naabot noong 2001. Walang nagawa ang Manila Water sa maraming bayan sa Rizal at wala itong balak gawin hanggang 2016. Dapat ring maunawaan ng mamamayan na ibinibilang ng mga pribadong water concessionaires sa porsyento ng kanilang naaabot ang mga lugar kung saan ang nagpapatakbo ng serbisyong tubig ay housing associations, community groups at mga lokal na kumpanya. At ang malungkot dito, bukod sa binabalikat ng konsumer ang instalasyon ng tubo papunta sa kanilang kabahayan, higit pang tumataas ang singilin sa tubig sapagkat panibagong patong ng presyo ang distribusyon ng tubig mula sa tubo ng water concessionaire papunta sa mga kabahayan ng village, komunidad o kaya mga medium rise building. Di pa rin natitiyak ang 24 na oras na suplay ng tubig lalo na ng Maynilad (kung saan 57% lamang ang nagtatamasa ng 24 na oras na serbsiyo).

Malinaw na hindi kailanman interes ng Maynilad at Manila Water ang kapakanan ng mamamayan, sapagkat sa mga kapitalistang ito, magkamal

ng limpak-limpak na tubo lamang ang mahalaga. Mas nakakatuyo ng lalamunan ang pagpapabaya ng gubyerno na tiyakin ang abot-kayang pagkakamit ng isang pundamental na pangangailangan ng mamamayan, ang TUBIG. Kaya't may mahigpit na kadahilanan upang ang mamamayang Pilipino ay di dapat magsawalang bahala sa usapin ng tubig.

2 Ano ang sinasabing krisis sa tubig sa Pilipinas?

May saganang mapagkukunan ng maiinom ang mamamayang Pilipino. Sagana ang tubig-tabang (fresh water system) na mayaman sa likas na mineral at sustansya, na napagkukunan ng tubig para sa mga tahanan, agrikultura at para sa pangangailangan sa industriya at enerhiya. Bukod pa rito ang inaaasahang ulan kada taon at ang groundwater resources ng bansa. Makakatiyak ang mamamayan ng substansyal na gagamiting tubig sa mga susunod pang panahon kung titiyakin ng gubyerno ang pangangalaga ng mga ito.

Ang pamamahala sa tubig ay sumasaklaw sa pagtitipon, pag-iimbak, paggamot at pamamahagi. Sapagkat ang tubig ay pangunahing pangangailangan ng tao, sa dating kalakaran, pinangangasiwaan ito ng gubyerno at mga ahensya nito. Sa pangkalahatan, ang sistema ng paghahatid ng tubig sa Pilipinas ay pampublikong sistema. Masasabing atrasado ito sapagkat sa sentrong lunsod lamang may sentralisadong sistema ng serbisyo sa tubig.

Noong dekada 90, nagdeklara ang gubyerno ng krisis sa tubig. Sa panahong ito, ang naaabot ng sistema sa tubig ay 63% lamang ng kabuuang populasyon. Sa Kamaynilaan sa ilalim ng serbisyo ng MWSS, kinaharap ang iba't ibang suliranin sa serbisyo sa tubig. Ang mga sambahayan sa Kamaynilaan ay dumanas ng kakulangan ng tubig, pagrarasyon o pinakamalala ay ang kawalan ng tubig. Kahit ang mga may koneksyon ng tubig ay di tiyak kung may papatak na tubig sa kanilang mga gripo. Pinakamalala ito kapag dumadating ang tag-araw. At madalas nga ay sinisisi ang tagtuyot sa kawalan ng tubig. Ang mga kabahayan sa Kamaynilaan na hindi pa nabibigyan ng serbisyo sa tubig ng MWSS ay sinasamantala naman

ng mga pribadong developers na nagtatayo ng sistema sa tubig at naniningil ng sobrang taas. Sa ibang mga lugar na walang sistema sa tubig, mahal ang singil sa rasyon at di nakakatiyak sa linis nito. Ang mga maralitang tagalunsod naman ang pinahirapan ng sistemang rasyon sa tubig.

Pinakamalaki at napakahalagang ahensya ng gubyerno ang MWSS dahil sa tungkulin nitong tiyakin ang pundamental na pangangailangan sa tubig subalit larawan din ito ng bulok na sistema ng gubyerno. Bago ang pribatisayon, dumanas ang MWSS ng kapabayaan sa pangangasiwa, kainutilan sa pagpapaunlad, katiwalian at pangungurakot sa pagpapalakad ng serbisyong tubig ng gubyerno.

Maliban sa krisis sa pagpapatakbo ng MWSS, di rin maresolba ng gubyerno ang pagtatalo sa paggamit ng tubig sa pagitan ng National Irrigation Administration (NIA), National Power Corporation (NAPOCOR) at MWSS. Samantala, ang Local Water Utilities Administration (LWUA) na siyang nangangasiwa sa pagpapaunlad ng sistema sa tubig sa iba pang bahagi ng bansa ay napakaliit ng pondo at papapaliit pa. Bukod sa kakulangan ng pondo, nagsusulputan pa ang anomalya sa pamamalakad nito.

Dulot din ng kawalan ng mahusay na pangangasiwa sa sistema sa tubig ng bansa, ang panganib sa pagkaubos ng ligtas na mapagkukunan ng tubig na maiinom ay kinaharap. Ang polusyon sa tubig ay nagmumula sa kawalan ng wastong sewerage system na nagdudulot ng pagbabara at pag-apaw ng mga imburnal, umiiral ang pabayang pagtatapon ng basura sa ilog, may malawakang pagtatapon ng toxic chemical wastes sa mga ilog mula sa mga industriya. Malawakan ang paggamit ng pestisidyo sa mga probinsya at nasisipsip ng lupa hanggang sa ground water sources ang mga nakalalasong kemikal. Idagdag pa rito ang pagkapanot at pagkasira ng mga bundok at gubat sanhi ng malawakang pagtotroso at pagmimina ng mga dayuhang korporasyon na nagwawasak sa mga watershed ng bansa at humahantong sa mga flashflood at matitinding tagtuyot. May tinatayang 30% hanggang 50% pagbaba ng ground water level ng bansa taun-taon.

Subalit may kinakaharap mang panganib ang mapagkukunan ng tubig sa panahong ito, higit pa sa pangangailangan ng mamamayang Pilipino ang

maaaring gamiting tubig. Ang krisis ay dulot ng kawalan ng sistema ng pamamahala sa buong sistema sa tubig na may malinaw na layuning magtitiyak sa ligtas at malinis na tubig na matatamasa sa bawat tahanan ng mamamayang Pilipino.

3 Ano ang naging tugon ng gubyerno sa krisis sa tubig?

Ginamit na tuntungan ng gubyerno ang krisis sa tubig upang itulak ang pribatisasyon sa serbisyo sa tubig bilang katugunan ng gubyerno. Pinalitaw nito na sa pamamagitan ng pagpasa sa pribadong negosyo, masosolusyunan ang krisis.

Nilagdaan ni Pangulong Fidel Ramos ang Water Crisis Act o Republic Act 8041 noong June 7, 1995 na nagbibigay ng “emergency powers” sa gubyerno upang kagyat at epektibong tugunan ang krisis sa tubig sa buong bansa na nakakaapekto sa kalusugan at kapakanan ng buong populasyon, produksyon ng pagkain at industriyalisasyon. Itinakda nito ang reorganisasyon ng MWSS at Local Water Utilities Administration (LWUA) sa pamamagitan ng Executive Order No. 286 upang makatugon sa pangangailangan ng malinis at maiinom na tubig ng buong bansa. Sa kongkreto, isinapribado ng Water Crisis Act o RA 8041 ang serbisyo sa tubig ng bansa. Ito ay sinimulan sa pagsasapribado ng MWSS na 120 taong nagserbisyo sa Maynila.

Subalit hindi katugunan sa dinadanas na suliranin ng mamamayan sa tubig ang nasa likod ng pribatisasyon kundi pagsunod sa kondisyon na nakasaad sa 1995-1997 Structural Adjustment Program (SAP) ng gubyerno ng Pilipinas at International Monetary Fund (IMF). Bahagi ito ng Philippine Privatization Programme na nilagdaan ni Pangulong Cory Aquino noong December 8, 1986 at sinusugan ni Pangulong Ramos noong 1992. Layunin nitong magtipid at kumita ang gubyerno upang makabayad ng utang nito sa IMF at nang sa gayon ay makautang muli. Masigabo ang palakpakan ng IMF at WB sa tagumpay ng pinakamalaking pribatisasyon noong 1997, ang pribatisasyon ng MWSS. Ito ang hudyat sa pagsasapribado ng mga water district na nagtitiyak sa tubig ng mga mamamayan sa buong bansa.

Ang pribatisasyon ng MWSS ay nangahulugan ng 25-taong kontratang build-operate-transfer (BOT) at rehabilitate-operate-transfer (ROT). Saklaw nito ang paggamot, pamamahagi, tariff collection, pagpapaunlad ng pasilidad at kabuuang pagpapaunlad ng sistemang tubig. Ang mga pribadong water concessionaires ay magtatamasa ng biyaya sa pagnenegosyo sa tubig. Sila ang may karapatan sa Angat Dam, na pangunahing panggagalingan ng tubig hanggang taong 2050. Babalikatin ng gubyerno ang gastusin sa pangangailangan ng panibagong mapagkukunan ng tubig. Libre sa buwis sa loob ng unang 8 taon ang mga water concessionaires. Bagamat nakasaad sa kontrata na walang pagtaas sa singil ng serbisyong tubig, maraming ipinaloob sa kasunduan na mga kadahilanan upang pahintulutan ang pagtaas ng singil.

Nabenta ang MWSS sa halagang US $ 7.1 billion sa Manila Water Corporation (MWC) at Maynilad Water Services Incorporated (MWSI). Tumanggap naman ng kabayarang $6.2 million ang World Bank na nagsilbing consultant sa bentahang ito. Ang Maynilad ay sosyohan sa pagitan ng Benpres Holdings Corporation, pag-aari ng pamilyang Lopez (60%), na may negosyo sa komunikasyon, masmidya, kuryente, imprastraktura, real estate development, at kasosyo nito ang Suez Lyonnaise des Eaux ng French (40%), nangungunang kumpanya sa industriya ng tubig sa buong mundo. Ang Maynilad ang nakakuha ng kontrata sa West Zone ng serbisyo sa tubig ng MWSS.

Ang Manila Water ay pag-aari ng Ayala Corporation (60%), na may negosyo sa real estate development, pagbabangko, telekomunikasyon, elektroniks, information technology, at kasosyo nito ang Bechtel-International Water, isang US Transnational Corporation sa energy, telecomunication, engineering at construction; ang United Utilities, pinakamalaking kumpanya ng tubig sa UK; at Mitsubishi Corporation ng Japan (40%). Ang Manila Water naman ang nakakuha ng concession sa East Zone.

Ang pribatisasyon ng MWSS ay nagbunsod sa pagkawala ng trabaho ng mga dating empleyado dito. Ang dating 10,000 empleyado dito ay nabawasan hanggang sa humigit kumulang na 60%. Hanggang ngayon, di pa rin natatanggap ang pangakong retirement benefits sa mga manggagawang pumayag sa early retirement plans ng MWSS.

Sa pagpasok sa pribatisasyon ng MWSS, ginarantiyahan ng gubyerno sa pamamagitan ng concession agreement at mga susog dito ang tubo ng Maynilad at Manila Water sa pamamagitan ng iba't ibang mekanismo ng paniningil upang matiyak na hindi maaapektuhan ang operasyon at tubo ng mga water concessionaires sa paggalaw ng palitan ng dolyar at pagbaba ng halaga ng piso, makabawi sa puhunan, sa gastos sa operasyon at sa investment expenditures.

4 Bakit ibayong krisis sa mamamayan ang idinudulot ng pribatisasyon ng serbisyo sa tubig?

Bahagi ng malawak na patakaran at programa ng gubyerno sa pribatisasyon ang nagaganap na pribatisasyon sa MWSS at sa mga water district sa iba't ibang bahagi ng bansa. Pribatisasyon ang paglipat ng mga pag-aari mula sa pag-aaring pampubliko/pang-estado sa ngalan ng mamamayan patungo sa pribadong sektor o sa mga pribadong negosyante na ang kadalasan ay mga dayuhang kapitalista at mga lokal na kasosyo nila.

Bahagi ng patakarang ipinatutupad sa proseso ng globalisasyon ang pribatisasyon. Kaakibat nito, ipinatutupad din ang deregulasyon at liberalisasyon, na diumano ay mga solusyon upang makaahon ang ekonomya ng mga bansa. Nakapakete ito sa mga structural adjustment program (SAP) na preskripsyon ng IMF at WB sa mga bansang pinauutang nito tulad ng Pilipinas.

Subalit ang tutuo'y naghahanap lamang ng paraan ang mga mayayamang bansa upang makaalpas sa krisis ng sobrang produksyon na kinasasadlakan ng mga ito na hindi maampat bagkus lalo pang lumalala sa pag-abante ng teknolohiya sa produksyon. Ito ang tutuong nilulutas ng globalisasyon. Sa esensya, imperyalistang globalisasyon ang tanging kahulugan nito. Bunsod ng pag-unlad ng kagamitan at teknolohiya, labis-labis ang produktong nalilikha subalit hindi makaagapay ang mga lokal na pamilihan ng mga kapitalistang bansa. Dumadami ang mga produkto at serbisyo subalit hindi ito makayanang bilhin ng kumikitid na pamilihan. Sobra-sobra ang produkto

subalit nananatiling salat sa pangangailangan ang nakararaming mamamayan ng daigdig sapagkat ang mismong kapitalistang sistema ang pumapatay sa kakayahan ng mamamayang makabili ng produkto dahil sa mababang pasahod at patuloy na pagbabawas nito ng manggagawa upang makatipid sa produksyon.

Dahil sa krisis sa sobrang produksyon, obligadong maghanap ng mga bagong pamilihan upang bagsakan ng labis na produkto at hilaw na materyales ang mga kapitalistang bansa o imperyalistang bansa. Subalit hindi na maaaring makuha ang mga bagong pamilihan sa pamamagitan ng pangongolonya katulad noon kaya't kinailangang magmaniobra ang mga imperyalistang bansa sa pamamagitan ng bagong pandaigdigang kaayusan. Inilunsad ang propaganda para sa bagong kaisipan o "bagong ideolohiya" at ito ay sa pamamagitan ng "malayang kalakalan sa malayang pamilihan".

Ipinangalandakan ng mga imperyalistang bansa na globalisasyon ang kasagutan sa pandaigdigang krisis sa ekonomya. Itinulak ng imperyalistang United States (US) ang pagbubuo ng World Trade Organization (WTO) at ang pagbubukas sa pamilihan ng mga maliliit at naghihirap na bansa. Bukod dito, naging epektibong instrumento sa pagtitiyak sa pagtalima sa globalisasyon ang mga multilateral finance agencies pangunahin ang International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB) sapagkat nakapaloob sa mga kasunduan para sa pagbabayad-utang at panibagong utang ng mga mahihirap na bansa ang mga patakaran ng pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon.

Habang inaalis ng pribatisasyon ang pangangasiwa ng gubyerno sa mga pag-aaring pampubliko/pang-estado, ang deregulasyon naman ang nagbabawas ng papel at interbensyon ng gubyerno sa negosyo. Dahil dito, malayang nagdidikta ang mga monopolyo kapitalista ng presyo at kalakaran sa lokal na pamilihan at industriya, katulad ng nangyayari ngayon sa industriya ng langis sa bansa. Inaalis naman ang mga balakid o restriksyon sa pinansya at kalakalan katulad ng buwis at taripa sa pamamagitan ng liberalisasyon. Binubuksan nito ang buong larangan ng ekonomya sa pagpasok ng dayuhang korporasyon, kapital at produkto. Hinahayaan nitong samantalahin ng dayuhang korporasyon ang yaman ng bansa. Ibayong kawalan ng trabaho, lubos na pagkakait sa karapatan sa lupa, kawalan ng serbisyong

panlipunan, mataas na bilihin at mahal na singilin sa mga serbisyo-publiko katulad ng tubig, kuryente, transportasyon at iba pang mapagsamantalang kalagayan ang idinudulot ng globalisasyon sa mamamayan.

Unti-unti subalit kumprehensibong inilatag ng papet na gubyerno ng US ang globalisasyon sa Pilipinas. Sa partikular, may tatlong yugto ang programa sa pribatisasyon ng Pilipinas. Una, ang muling pagsasapribado ng mga dating pribadong ariarian na napasakamay ng gubyerno/mga ahensya ng gubyerno. Pangalawa, ang pribatisasyon ng mga pag-aaring yutilidad at imprastraktura na may subsidyo ng estado. At ang pangatlo, ang pagbubukas at pagpapaubaya ng mas marami pang larangan ng serbisyo publiko sa pribadong sektor katulad ng pabahay, koreo, edukasyon, at pensyon. Sa kasalukuyan, ipinapatupad ang pangalawang yugto ng pribatisasyon na nakatuon sa mga pampublikong serbisyo. Pinapasok ng mga dayuhang monopolyo ang pagnenegosyo ng batayang pampublikong serbisyo katulad ng tubig, kuryente, transportasyon, komunikasyon at sa larangan ng panlipunang serbisyo katulad ng edukasyon, kalusugan at iba pa. Tinitiyak ng mga lokal na malalaking kumprador katulad ng Benpres ng mga Lopez, Ayala Corporation sa pamamagitan ng sosyuhan sa negosyo ang pagpasok ng mga dayuhang monopolyo. Malaki ang kapakinabangan ng mga lokal na burgesya komprador sa pagkakamal ng tubo at higit na pagpapalawig ng kanilang negosyo ang sabwatan sa mga dayuhang monopolyo.

Nagiging napakadali naman para sa mg lokal na burgesya ang pagsasamantala sapagkat ang mga patakaran ng gubyerno ay nakaayon din sa interes ng mga dayuhan at lokal na monopolyo. Maliban sa mga batas, ang mga partikular na kasunduan katulad ng Concession Agreement ng MWSS sa Maynilad at Manila Water ay pabor sa pagkakamal ng tubo ng mga dayuhan at lokal na kapitalista at hindi sa kapakanan ng serbisyo sa mamamayan. Hindi katakataka ito sapagkat ang mga lokal na monopolyo din ang nagpipinansya upang makapanungkulan sa gubyerno ang mga burukrata na nanggaling din naman sa uri nila, mga uring burgesya komprador at panginoong maylupa. Hindi rin maikaila ang mga karanasan sa ibang bansa kung saan ang mga malalaking dayuhang korporasyon sa tubig ay pumapasok sa mga maanomalyang transaksyon, panununhol sa mga opisyal ng gubyerno at pagpopondo ng mga partido pulitikal upang makuha ang mga kontrata sa pribatisasyon sa tubig.

Tiyak ang kita ng mga dayuhan at lokal na monopolyo sa larangan ng pampublikong serbisyo sapagkat batayang pangangailangan ito ng mamamayan. Mababa ang gastos ng mga kapitalista sa pagpapatakbo ng mga pampublikong serbisyo dahil sa mababang sahod ng manggagawa sa bansa, cost-cutting sa pamamagitan ng pagpapaliit sa bilang ng manggagawa kahit maapektuhan ang kalidad ng serbisyo. Inihanda rin ng gubyerno ang mga imprastraktura na gagamitin sa pagpapatakbo ng serbisyo at ang mga idadagdag na mga pasilidad na pinaglumaang teknolohiya ng mga kapitalistang bansa ay binebenta pa rin sa pamamagitan ng mga karagdagan sa singil ng serbisyo. Nagtatamasa ng incentives ang mga kapitalista sa pamamagitan ng tax holidays na maaari pang pahabain mula sa dating takdang panahon. Bukas lagi ang gubyerno sa mga negosasyon sa mga monopolyo kapitalista kapag nagkakaroon ng problema sa kanilang tutubuin upang malunasan ito. At habang isinasalba ng gubyerno ang mga dayuhan at lokal na monopolyo, mamamayan ang pumapasan sa napakataas na bayarin at mababang kalidad ng serbisyo.

5 Sa Pilipinas lamang ba nagaganap ang pribatisasyon ng serbisyo sa tubig?

Nagaganap ang pribatisasyon ng serbisyo sa tubig sa iba't ibang panig ng daigdig. Pinapasok ng mga higanteng TNC at mga monopolyo kapitalista ang serbisyo sa tubig ng mga bansa na sa karanasan ay higit na nagpalubha sa suliranin ng mga bansang nagsapribado ng serbisyo sa tubig. (tingnan ang **talahanayan 2** sa kasunod na pahina).

Bukod sa kaso ng Maynilad at Manila Water na nakabili ng MWSS, ang bansang Argentina ay dumanas ng pagkabigo sa pribatisasyon ng National Sanitation Services (Obras Sanitarias de la Nacion or OSN) na nabenta sa Suez at Vivendi kasosyo ang ilang lokal na kapitalista. Ang Suez (o Ondeo) ang kasosyo ng mga Lopez sa pagpapatakbo ng Maynilad. Itinayo ng Suez ang pribadong kumpanya ng tubig na Aguas Argentina. Katulad ng mga ipinangako sa Kamaynilaan, na pababain ang singil sa tubig, bigyan ng serbisyong tubig at sewage system ang maraming mamamayan, taliwas ang

Talahanayan 2: Malalaking Pandaigdigang Kumpanya sa Tubig

Pangalan	Impormasyon	Bilang ng Bansang Kinalalagyan
Bechtel Group	Nagsimula noong 1898 na rail way company sa US. Pangunahing engineering at construction company at kamakailan lumawak ang operasyon sa environmental restoration, serbisyo sa tubig, enerhiya at telekomunikasyon.May 950 proyekto sa 67 bansa sa buong mundo. Kasosyo nito ang United Utilities sa karamihang proyekto sa tubig	6
Bouygues Group	Naitatag sa France noong 1952 sa larangan ng konstruksyon at industrial works partikular sa rehiyon ng Paris. Kasalukuyang nasa konstruksyon, telekomunikasyon, enerhiya at serbisyong tubig. Nabili nito ang Saur noong 1984, ang pangatlong pinakamalaking suplayer ng tubig sa France at naging nag-iisang nagmamay-ari nito noong 2001. May negosyo ito sa 80 bansa sa 6 kontinente sa buong mundo.	15
RWE AG	Naitatag noong 1898, German, korporasyon sa yutilidad ng kuryente, gas, tubig at wastewater, waste disposal at recycling sa pandaigdigang saklaw. Kasama ang mga subsidaryo, pangatlong pinakamalaking kumpanya sa serbisyong tubig sa buong mundo na umaabot sa 70 million katao ang konsumer. Ang American Water Works Co. Inc. at Thames Water Plc ang mga pangunahing subsidaryo nito.	14
Suez	Nakabase sa France, naitatag noong 1997 ng pagsasama ng Compagnie de Suez at Lyonnaise de Eaux. Pangalawang pinakamalaking kumpanya sa tubig at wastewater sa buong mundo na pinapatakbo ng subsidaryo nitong Ondeo. Higit sa 115 milyong tao ang konsumer sa buong mundo. Bukod sa tubig, nagnenegosyo ito sa kuryente, natural gas, telebisyon, broadband distribution.	41
United Utilities PLC	Pinakamalaking nagseserbisyo ng tubig at wastewater sa United Kingdom. Naitatag noong 1996 sa pagsasama ng Northwest Water plc at Norweb plc. Tubig ang pangunahing negosyo nito at meron din sa kuryente at telekomunikasyon. Mula 1994, nakisosyo ito sa Bechtel upang umabot sa pandaigdigang saklaw.	9
Vivendi Universal	Nilikha nito ang Vivendi Environment noong 2000 upang ikonsolida ang negosyo sa tubig, waste, enerhiya at transportasyon. Ang serbisyong tubig nito ay umaabot sa 110 milyon katao sa higit na 100 bansa.	43

Pinaghalawan: The Water Barons, International Consortium of Investigative Journalists

naging karanasan ng mga mamamayan ng Argentina. Agarang pagtaas ng singil sa serbisyong tubig at di pag-abot sa mga pangakong serbisyo ang ginawa ng Aguas Argentina. Hindi kailanman nagbayad ng concession fee sa gubyerno ng Argentina at hindi rin ito nagbayad ng mga pagkakautang. Sa pagsasapribado ng OSN, 7,200 na manggagawa ang nawalan ng trabaho.

Pinutol din ng lokal na gubyerno ng Atlanta sa Estados Unidos ang kontrata nito sa United Water Resources ng Suez dahil sa di makatwirang paniningil nito at palpak na imprastraktura na nagpatakbo ng serbisyo para sa inuming tubig. Umalma ang mga residente ng Atlanta noong 2002 dahil sa maruming tubig mula sa kanilang gripo. Nakuha ng United Water ang 20 taong kontrata sa halagang $428 milyon subalit hindi ito tumupad sa mga kasunduang pagsasaayos sa serbisyo. Sa halip, nagbawas ito ng kalahating porsyento ng manggagawa, hindi tinugunan ang pagsasanay ng mga manggagawa upang umunlad ang serbisyo, nagtaas ng singil kada taon mula sa simula ng kontrata noong 1999, at di rin natupad ang target na matitipid ng lunsod kada taon. Pagkatapos ng anim na buwang imbestigasyon, pinutol ang kontrata sa United Water noong January 24, 2003. At bumuo ang gubyerno ng Atlanta ng panibagong sistema nito sa serbisyo sa tubig.

Sa kabila ng maraming palpak na karanasan sa pribatisasyon ng serbisyo sa tubig, puspusan ang propaganda ng mga imperyalistang bansa sa isyu ng krisis sa tubig sapagkat ang nilalako rito ay ang interes ng mga monopolyo kapitalista sa pagsasaindustriya sa serbisyo sa tubig. Buong pagkukunwari nitong ginagamit ang slogan na “Water for All!” gayong ang pinatitingkad ay pagsasapribado ng serbisyo sa tubig na sa kasalukuyan ay pinangangasiwaan pa ng mga gubyerno sa maraming bansa. Sa kampanyang “Water for All” ng mga imperyalistang bansa at mga kasapakat nitong mga ahensya kabilang na ang ilang NGO, pinatitingkad nito ang krisis sa tubig subalit iniaatang ang pananagutan (at paninisi!) sa mamamayan ng daigdig upang magtitipid at pangalagaan ang kalikasan. Subalit sa mga pag-aaral, 10 litrong tubig kada tao ang karaniwang bahagi sa pangkabuuang gamit ng isang mahirap na bansa subalit sa mga lunsod ng mga kapitalistang bansa, tinatayang mahigit isang libong litro kada tao kada araw. Malinaw na hindi sa mga tao pangungunahing napupunta ang tubig.

Nananatiling malaya ang mga dambuhalang korporasyon na walang habas at iresponsableng sumisipsip sa tubig para sa kanilang mga pabrika, nagtatapon ng mga nakakalasong dumi sa mga ilog at dagat, sumisira sa mga kabundukan at kagubatan dahil sa pagmimina at pagtotroso na naglalagay sa peligro sa mga pinagkukunan ng tubig-tabang (watershed). Tinutukoy ang kawalan ng kakayahan ng mga gubyerno na epektibong pangasiwaan ang serbisyong tubig hindi upang tulungan ang mga ito na ayusin ang serbisyo publiko. Sa halip, ang nilalakong solusyon dito ay pagsisimula o pagpapatuloy ng mga reporma sa mga pampublikong institusyon ng tubig na may pagdidiin sa pakikipag-ugnayan sa pribadong sektor.

Patuloy ang pakikialam ng mga international financial institution katulad ng International Monetary Fund-World Bank, Inter-American Development Bank, Asian Development Bank, at European Bank for Reconstruction and Development, sa mga bansang may malalaking pagkakautang. Ginagamit na kondisyon upang muling makapangutang at maisaayos ang pagbabayad sa mga utang ang pagsasapribado ng mga pampublikong serbisyo sa tubig. Bukod sa paraan nila ito upang matiyak na may pambayad utang, kumikita sila sa pamamagitan ng malalaking consultation fee sa pagbubuo ng deal sa pagitan ng mga gubyerno at TNC sa tubig.

Sa nagdaang ikatlong World Water Forum noong Marso 2003 na itinaguyod ng World Water Council (WWC) at Global Water Partnership (GWP) na dinaluhan ng mga matataas na kinatawan ng gubyerno ng iba't ibang bansa at mga nangangasiwa ng tubig, mahigpit na itinaguyod dito ang pribatisasyon at pagsasagawa ng malalaking proyekto sa tubig. Ang WWC at GWP ay binubuo ng mga kinatawan mula sa korporasyong tubig, engineering, construction, mga nagtatayo ng dam at hydro-power. Kasama dito ang mga institusyong nagpapautang tulad ng IMF at WB.

Nagbabadya nga ang matinding krisis na lilikhain ng puspusang pagsasapribado ng serbisyo sa tubig at ng mga pinagmumulan ng tubig para sa mamamayan ng daigdig. Nakikita ng mga TNC sa tubig ang malaking tubo sa pagpasok nila sa pamumuhunan sa serbisyo sa tubig kaya't pinag-iibayo nila ang pagtutulak sa pamamagitan ng pagpapatingkad sa usapin ng krisis sa tubig at paglalako ng globalisasyon.

Itinutulak ng mga imperyalistang bansa ang todo-todong liberalisasyon ng larangan ng serbisyo dahil kikita sila dito ng limpak-limpak na tubo. Matagumpay nilang naitulak ang General Agreement on Trade in Services (GATS) sa ilalim ng World Trade Organization na nagsimulang ipatupad noong 1995. Lumagda ang gubyerno ng Pilipinas dito. Ang GATS ay partikular na kasunduan ng WTO para sa liberalisasyon ng kalakalan sa serbisyo at naglalayong tanggalin ang mga patakaran ng gubyerno ng mga bansa na makakasagabal sa malayang kalakalan sa pagitan ng mga bansa. Saklaw nito ang iba't ibang serbisyo katulad ng mga serbisyo sa pinansya at negosyo; telekomunikasyon; konstruksyon at engineering, pagbebenta ng produkto (retail, wholesale at franchise) at lahat ng aspeto ng paglalakbay at turismo. Tinutukoy din nito ang anumang serbisyong pinapangasiwaan ng gubyerno. Sa panig ng maraming bansa, kadalasang saklaw ng gubyerno ang mga batayang serbisyo sa mamamayan katulad ng edukasyon, kalusugan, tubig, kuryente, atbp. Sa kasalukuyan, itinutulak ng mga imperyalistang bansa katulad ng European Union at US ang agarang pagpapaloob ng serbisyo sa tubig sa saklaw ng GATS.

Malaking panganib ang pribatisasyon sa serbisyo sa tubig sa kapakanan ng mga mahihirap na mamamayan ng daigdig. Naghuhudyat ito na ang tubig na batayang pangangailangan ng tao ay tuluyan ng magiging kalakal.

6 Ano ang kinahinatnan ng sistema ng serbisyo sa tubig pagkatapos ng anim na taon ng Pribatisasyon?

Hindi naresolba bagkus lalo pang pinalala ng pribatisasyon ng MWSS ang krisis sa tubig. Pagkalipas ng anim na taon, malayo sa mga pangako ang kinahinatnan ng serbisyo sa tubig sa kamaynilaan. Pinakinabangan ng mga kumpanya ng Maynilad at Manila Water ang pribatisasyon ng MWSS subalit nilulunod naman ang mamamayan ng Kamaynilaan sa rumaragasang pagtaas ng singil sa serbisyong tubig, habang nananatiling salat at umaaasa sa ihahatid na tubig ang marami pang kalugaran sa coverage area ng mga ito. Sa loob ng 6 na taon, di kailanman nagsilbi ang patakaran sa pribatisasyon para sa tunay at abot kayang serbisyo sa mamamayan.

Negosyo sa tubig ang ginawa ng Maynilad at Manila Water at hindi serbisyo sapagkat hindi ito gumagastos sa rehabilitasyon ng sistema sa tubig. Maliban sa pagtitiyak sa suplay ng tubig, tungkulin din ng Manila Water at Maynilad ang sewer at sanitation services. Hindi nila ginampanan ang target sa pagsasaayos ng sistema ng pagtatapon ng gamit/maruming tubig sa mga imburnal at paggamot nito upang maiwasan ang polusyon ng mga ilog, dagat, lawa, etc. sa Kamaynilaan at matiyak ang kalidad ng tubig. Idinahilan ng Maynilad ang krisis nito sa pinansya kaya't ipinagpapaliban nito ang sewer at sanitation services. (tingnan ang **tsart 2**) Pinayagan din ng gubyerno ang Manila Water na community based sanitation na lamang ang gawin sa halip na sewer system dahil mas maliit ang puhunan na kakailanganin dito. At kapalit ng di pagpayag ng gubyerno sa kahilingan na sobrang taas na dagdag singil sa batayang halaga ng tubig, ang sewerage targets ay binabaan. Sadyang hindi ito hinaharap ng mga pribadong concessionaires dahil nangangahulugan ito ng malaking gastos sa konstruksyon at pagmantini.



Pagtitipid ng gastos sa paghahatid ng serbisyo sa tubig at pagwawalangbahala sa tiyak na mapagkukunan at ligtas na tubig para sa mga konsumer ang ginawa ng Maynilad at Manila Water. Nananatili ang mataas na tantos ng

nasasayang at nananakaw na tubig dahil sa di pagtugon ng Maynilad at Manila Water sa rehabilitasyon ng mga lumang tubo ng MWSS. Sa Maynilad, 66% pa rin ang nasasayang, ibig sabihin 7 sa 10 litro ng tubig ang nasasayang. Samantala di pa rin maipagmamalaki ang 48% na nasasayang na tubig sa sakop ng Manila Water. Mas nakakapanghinayang sa panig ng Maynilad at Manila Water ang gumastos para palitan ang mga butas at kinakalawang na tubo. Samantala nananawagan ang gubyerno na magtipid ang mamamayan ng Kamaynilaan sa tubig dahil papaliit ang imbak na tubig sa reservoir na pinagmumulan ng tubig lalo na sa tag-araw.

Ang mga kapabayaang ito sa sewer system at rehabilitasyon ng tubo ay nagdudulot ng panganib sa buhay ng konsumer. Matingkad dito ang kaso ng cholera sa Balut Tondo na humantong sa pagkamatay ng 5 bata at pagkakasakit ng may 500 kataong karamihan ay bata sa nasasakupan ng Maynilad dahil sa water contamination noong Nobyembre 2003. Luma na ang mga tubo ng tubig sa mga lugar na ito at malinaw na bahagi ng kontrata sa mga water concessionaires ang rehabilitasyon na hindi ginawa ng Maynilad. Hindi inako ng Maynilad ang responsibilidad sa water contamination sa Tondo at pinalampas ng gubyerno ang kasong ito. Samantala, isang lalaki ang nahulog at nalunod sa isa sa filtering tank ng Manila Water sa Quezon City noong July 2003. Dalawang linggong hindi nakuha ang naaagnas na katawan ng lalaki na nagdulot ng walang katiyakan sa mga ginagamit na tubig ng mga tao sa Quezon City. Natukoy din na hindi ligtas ang tubig sa mga lugar ng Navotas, Caloocan at Malabon na sakop ng Maynilad dahil sa pagkakaroon ng coliform bacteria sa tubig ng mga lugar na ito. Nananatili ang mga sakit na nakukuha dahil sa kontaminadong inuming tubig.

Sa mga suliraning ito na dulot ng pagpapabaya ng mga pribadong concessionaires, mamamayan ang gumagawa ng paraan para matiyak ang malinis na tubig. Bukod sa pagbabayad ng buwanang singil sa serbisyo sa tubig, bumibili pa ng distilled o filtered water ang mamamayan upang tiyakin ang kaligtasan ng kanilang inuming tubig. Nananatili namang walang ginagawa ang MWSS na may tungkulin sa regulasyon ng serbisyo sa tubig ng West at East Zone.

Sa kabuuan, malinaw na nagsisilbi ang pribatisasyon ng MWSS sa Maynilad at Manila Water at hindi sa mamamayan. Ang tanging hinahangad ng mga kumpanyang ito ay ganansya sa pamamagitan ng mataas na singil sa batayang halaga at taripa sa serbisyong tubig. Wala silang balak gumastos at bawasan ang kanilang tubo upang maghatid ng abot-kaya, malinis at ligtas na tubig. Hindi nila hinaharap ang sewerage system sapagkat nangangahulugan ito ng paglalabas ng puhunan. Wala silang layuning resolbahin ang pagkasayang ng tubig at tiyakin ang mapagkukunan ng tubig sa hinaharap dahil hindi naman sila apektado nito. Habang nagpapasasa ito sa maraming incentives katulad ng di pagbabayad ng buwis sa gubyerno, wala namang magawa ang gubyerno upang ibsan ang mabigat na pasanin ng mamamayan sa pagbabayad ng sari-saring taripa sa tubig na ipinapataw ng Manila Water at Maynilad.

7 Paano pinagsasamantalahan ng mga pribadong korporasyon sa tubig ang mamamayan?

Mas pangunahing pinangangalagaan ng gubyerno ang kapakanan ng mga water concessionaires, kaysa sa mamamayan. Pinahihintulutan ng gubyerno ang pandaraya at panlalamang ng dalawang water concessionaires sa sambayanan sa pamamagitan ng concession agreement na paborable sa negosyo at hindi pa sa pagbibigay proteksyon sa serbisyo. Sa halip na bigyang proteksyon ng gubyerno ang mamamayan, namamagitan pa ang gubyerno upang ipatanggap na wasto ang pagtataas ng mga presyo ng bilihin at serbisyo at pagpapanatili sa mababang sahod. Katulad ng pribatisasyon, deregulasyon at liberalisasyon sa iba pang serbisyo na dating kontrolado ng gubyerno, namamayani ngayon sa bansa ang kontrol ng mga lokal na burgesya kumprador at ng dayuhang imperyalista sa mga saligang pangangailangan ng mamamayan katulad ng langis, kuryente at tubig.

Malinaw ang pakikipagsabawatan ng gubyerno sa lokal at dayuhang kapitalista sa kaso ng maanomalyang transaksyon nito sa Maynilad. Noong 2001, nagbanta na ang Maynilad na tapusin ang kontrata nito sa MWSS sa kadahilanang nalulugi na ito bunga ng dinaanang pampinansyang krisis sa Asya noong 1997 at nagbunsod sa paglaki ng utang ng Maynilad. Tumigil

ang Maynilad sa pagbayad ng concession fee nito sa gubyerno mula Marso 2001 hanggang sa kasalukuyan at umaabot na ito sa P8 bilyon. Ito ang nagtulak sa maagang negosasyon sa pagitan ng MWSS at Maynilad at Manila Water para sa pagtataas ng batayang singil sa tubig. Pumayag ang gubyernong magtaas ng singil noong 2001 at tatlong beses itong nangyari at muli namang nagtaas noong January 2002. Bukod sa pagtataas ng batayang singil, pinayagan din ng gubyerno na gamitin ng dalawang kumpanya upang makabawi sa pagkalugi sa negosyo ang serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng pagpataw ng mga taripa katulad ng accelerated extraordinary price adjustment (AEPA) at foreign currency differential adjustment (FCDA) mula October 15, 2001 hanggang December 31, 2002. Dahil dito, tumaas pa ng kalahating porsyento ang bayarin sa tubig.

Ayon mismo sa MWSS, walang karapatang maningil ng AEPA at FCDA ang Maynilad na hindi nagbabayad ng concession fee. Subalit patuloy itong kinokolekta ng Maynilad at ang malala pa rito, nagpatuloy ito sa paniningil ng AEPA lampas sa takdang panahon (Dec. 31, 2002). Hanggang ngayon ay patuloy ang iligal na paniningil kaya't umabot na ng P 6.4 bilyon at araw-araw ay P20 milyon ang nadadagdag dahil patuloy nitong kinukuha sa konsumer ang AEPA.

Sa mahabang panahon (3 taon) ng diumano ay "alitan" sa pagitan ng MWSS at Maynilad dahil sa iligal na koleksyon at di pagbabayad ng concession fee ng huli, itinalaga ang Arbitration Panel upang magsaayos. Subalit sa halip na ibalik ang iligal na siningil sa taumbayan at magbayad ito ng utang, isasalba ng gubyernong Arroyo ang Maynilad sa pamamagitan ng compromise deal o amendment 2 ng concession agreement sa pagitan ng MWSS at Maynilad na niluto nang lingid sa kaalaman ng mamamayan.

Sinagip ng gubyernong Arroyo ang Benpres Holdings Corp.(ng mga Lopez) sa pagtalikod nito sa kontrata. Sa pamamagitan ng isang compromise deal na pinagkasunduan ng gubyernong Arroyo at Maynilad, hindi na babayaran ng Benpres ang utang na P8 bilyon concession fee kapalit ng kanyang 60% share sa Maynilad na ibabalik sa MWSS. Hindi rin mababawi ng mga konsumer ng Maynilad ang P6.4 bilyon na iligal na siningil sa nagdaang tatlong taon. Babalikatin ng MWSS ang pagbabayad ng mga utang ng

Maynilad mula pa noong 1999 na nagkakahalaga ng $39 milyon. Babalikatin ng gubyerno ang pagbabangon sa naluging Maynilad upang maipagpatuloy ang serbisyo sa West Zone. Nakatakda ang 32% na pagtataas ng singil sa serbisyo sa tubig ng Maynilad sa June 2004 upang tugunan ang rehabilitasyon ng Maynilad. Kumita sa mahigit anim na taong pagnenegosyo ang Maynilad at ipinangutang ang serbisyo sa tubig subalit wala namang natamasang kaalwanan ang konsumer. Ngayong ayaw na ng Benpres dahil nalulugi daw ito, tinalikuran ang mga di natupad na obligasyon sa West Zone, pero nakatipid pa ito ng P2.4 bilyon sa compromise deal at hindi pa ibabalik ang iligal na nasingil sa konsumer ng Benpres.

Pinagkakitaan at ipinangutang ang Maynilad ng Benpres at Suez (Ondeo) saka iniwan ang bangkaroteng Maynilad sa gubyerno. Mula sa pagpasok ng Maynilad gumastos ito ng malalaking halaga sa operasyon nito subalit wala namang inunlad ang serbisyo. Gumastos ng P1.2 bilyon para pambayad ng mga consultant upang mapahusay daw ang serbisyo. Umaangkat ng mga kompyuter at pyesa para sa metro ng tubig at iba pa sa mismong mga kasosyong kumpanya ng Suez sa France.

Ang totoo ay matindi ang pampinansyang krisis ng Benpres at Suez (mga korporasyong may-ari ng Maynilad) sa pagkalugi sa kanilang iba't ibang negosyo at sa pagkalubog sa utang dulot ng krisis ng kapitalistang sistema. Ang Benpres ay nalugi ng P11.5 bilyon noong 1999 at ang utang nito ay lumobo sa P34.4 bilyon noong 2002. Samantalang ang Suez naman ay umabot sa $29 bilyon ang utang at bumagsak ang kita ng $950 milyon noong 2002. Kaya't hindi mapapaniwalaan na nalugi lamang ang Benpres sa pagpasok nito sa Maynilad.

Sa pagsalba sa Maynilad, ang talagang inililigtas ay ang mga kapitalistang ito na patuloy na nagpapahirap sa mamamayan. Malaki ang pakinabang ng gubyernong Macapagal-Arroyo rito sa kanyang muling pagtakbo sa eleksyon kung kaya't kapit-tuko siya sa pagsasalba sa negosyo ng Benpres (na pag-aari ng mga Lopez). Di kapanipaniwala ang anumang pagkakaila ng tambalang Gloria Macapagal-Arroyo at Noli de Castro sa kaugnayan nila sa panunuyong ginagawa sa Maynilad. Kapansin-pansin na sa gitna ng kampanya sa eleksyon, hindi ito makapagpahayag ng malinaw na posisyon

kaugnay sa isyu ng pribatisasyon laluna sa bentahan ng Maynilad. Hinayaan ng gubyernong Arroyo sa buong panunungkulan nito ang pagsasamantala ng mga pribadong concessionaires sa serbisyo sa tubig. At sa muling pagtakbo nito sa panunugkulan, di pa man nananalo, balak pa nitong tuluyang lunurin ang mamamayan sa kahirapan.

Sa kabilang banda, hindi rin naman maipagmamalaki na "tagumpay" ang Manila Water sa pribatisasyon ng tubig sa East Zone. Hindi dapat malinlang ang mamamayan dito sapagkat katulad ng Maynilad, ang Manila Water ay patuloy sa pagtataas ng singil sa tubig at pagsasantabi ng mga target sa pagsasaayos ng serbisyo nito. Noon lamang Abril 1, nagtaas ang Manila Water ng P0.19/cm kada buwan sa pamamagitan ng FCDA samantalang katataas lamang nito ng 16 sentimo ng FCDA at 34 sentimos sa basic tariff noong Enero. At katulad ng inaasahan, binigyan katwiran ng MWSS na dati nang nakatakda ang pagtataas na ito ng Manila Water. Tubong-lugaw ang Manila Water sapagkat patuloy itong kumikita habang binabalikat ng mamamayan ng East Zone ang mataas na bayarin sa tubig at nananatili namang walang serbisyo sa tubig ang kalakhan ng probinsya ng Rizal na bahagi ng kontrata ng Manila Water sa MWSS.

8 Saan patungo ang serbisyo sa tubig ng bansa?

Lalo pang titindi ang krisis sa serbisyo sa tubig at lalo pa nitong pahihirapan ang mga mamamayan. Sa kabila ng palpak na pribatisasyon sa MWSS at sa pagsagip ng gubyerno sa pagkabaon sa utang ng Maynilad, nagpahayag ang gubyerno na hindi ito manghihimasok sa pamamalakad ng bagong Maynilad at ihahanda lamang ito para sa panibagong negosasyon sa mga bagong pribadong concessionaires. Kahit napakadaming kaso ng kapalpakan sa pribatisasyon ng serbisyo sa tubig ang nararanasan sa iba't ibang bansa, patuloy itong isinasagawa ng gubyerno sa pag-uudyok ng multilateral agencies katulad ng IMF-WB.

Unti-unti nang isinasagawa ang pribatisasyon ng mga local water districts. Ang Subic Bay Water District ay naunang naisapribado noong Abril 1997 bilang joint venture ng BiWater International – United Kingdom (30%), DM

Consunji (40%), Olongapo Water District (10%) at Subic Bay Metropolitan Authority (20%). Nakaumang naman ang malaking posibilidad ng pribatisasyon ng serbisyo sa tubig ng Davao City Water District bunga ng P4.3 bilyong pautang mula sa Japan Bank for International Cooperation (JBIC) para sa panibagong mapagkukunan ng tubig para sa lunsod.

Sa Bacolod City, may matinding tunggalian din sa pagitan ng mga residente at Bacolod City Water District (BACIWA) dahil sa planong pagpapatupad ng pinakamataas na singil sa tubig sa halagang P37.86 per cubic meter. Dulot ito ng P537 milyon JBIC-LWUA loan project na nagbibigay daan din sa pribatisasyon ng serbisyo sa tubig ng Bacolod City. Ang utang ay bahagi ng 20th Yen Credit Package ng gubyerno mula sa Japan na diumano ay para sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng serbisyo sa tubig ng Bacolod. Ayon sa mamamayan ng Bacolod, nananatili ang problema sa kawalan ng tubig ng 40% residente ng lunsod dahil sa mali at tiwaling pamamalakad sa BACIWA sa kabila ng patuloy na pagkabaon nito sa utang.

Ang iba pang mga lokal na water district sa pangangasiwa ng LWUA ay nakaasa rin sa dayuhang pautang. Dahil malaki ang interes na binabayaran, nakakaranas ang mga lokal na water district na pinangangasiwaan ng local government units (LGUs) ng kahirapan upang makapagbayad. Inoobliga ang mga ito ng gubyerno na bayaran ang pagkakautang mula sa kikitain ng operasyon ng local water district. Hinahatak papataas ng bayad sa dayuhang pautang ang presyo ng singil sa tubig. Hindi na abot-kaya ang serbisyo sa tubig at dahil dito, nagkakaroon ng pagtutol sa panig ng mga konsumer.

Sa lahat ng hakbangin ng gubyerno, hindi natutugunan ang tunay na pangangailangan ng malinis at maiinom na tubig ng sambayanang Pilipino. Sa pagpapalaot sa pribatisasyon sa tubig, nagiging katotohanan ang krisis sa tubig ng mamamayan.

9 Ano ang solusyon sa krisis sa tubig at ano ang dapat gawin ng mamamayan?

Ang usapin ng tubig ay serbisyo at hindi negosyo. Ito ay pundamental na pangangailangan ng tao kaya't pangunahing tungkulin ng gubyerno na tiyakin

na matamasa ito ng mga mamamayan. Ang krisis sa tubig na nilikha ng gubyerno upang bigyang daan ang pribatisasyon ng serbisyo sa tubig ay humantong sa mas malubhang krisis. Hindi naging solusyon bagkus ang programa sa pribatisasyon ang tunay na nagkakait sa karapatan ng mamamayan sa malinis, ligtas at abot-kayang tubig. Nangangahulugan lamang na hindi kailanman maaaring ibigay sa kontrol ng pribadong korporasyon o mga monopolyo kapitalista ang serbisyo sa tubig sapagkat tubo ang tanging layunin ng mga ito. Napatunayan ng karanasan sa MWSS ang kabiguan ng pribatisasyon na magbigay ng malinis at ligtas na tubig para sa mamamayan at makatwirang singil sa serbisyo sa tubig.

Sa kagyat, nararapat lamang na bawiin ng mamamayan ang kontrol sa MWSS at patalsikin ang mga monopolyo kapitalistang nakinabang dito. Kailangang ibasura ang compromise deal sa pagitan ng MWSS at Maynilad. Singilin ang mga monopolyo kapitalistang Benpres at Suez sa hindi nito binayarang concession fee na nagkakahalaga ng P8 bilyon at ibalik sa mamamayan ang iligal na siningil na umaabot sa P6.4 bilyon sa pagtatapos ng 2003 at nadadagdagan ng P20 milyon araw-araw.

Kagyat na itigil ang paniningil sa mga taripa at VAT na nagbibigay proteksyon sa tubo ng mga lokal at dayuhang kapitalista sa tubig habang mabigat na pinapasan ng mamamayan ang pagbabayad nito.

Papanagutin ang Maynilad at Manila Water sa kanilang mga pagkukulang sa serbisyo sa mamamayan. Pinagkakitaan ng mga kapitalistang ito ang MWSS subalit hindi nila pinaunlad ang serbisyo nito. Ipinagkakait sa mamamayan ang mga karampatang serbisyo ng MWSS dahil ang pondo ng gubyerno na mula sa buwis ng mamamayan ay patuloy na ginagastos para ipambayad ng pagkakautang sa IMF – WB.

Ibalik ang pamamahala ng serbisyo sa tubig sa gubyerno at tigil ang pribatisasyon. Gamitin ang pondo ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng mga water districts ng bansa. Tutulan ang dikta ng mga multilateral agencies na ginagamit na pananggalang ang pagkakautang ng bansa para itulak ang pribatisasyon sa tubig.

Pagsasabansa sa serbisyo sa tubig at hindi pribatisasyon ang kasagutan sa kakulangan at kawalan ng malinis at ligtas na maiinom na tubig ng mamamayan. Kailangan ng militanteng pagkilos ng mamamayan upang tutulan ang pribatisasyon ng mga yulitilidad ng bansa at tuluyang ibasura ang patakarang pribatisasyon ng bansa.

Sa pangkalahatan, kailangan unawain at ipalaganap sa mamamayan ang palpak na pribatisasyon ng MWSS at ang nalikha nitong dagdag na pahirap sa taumbayan. Mahalagang tukuyin ang kasong ito bilang buhay na halimbawa ng napakatinding epekto ng mga patakaran ng globalisasyon at lalo pang nagpalala sa mga batayang depekto ng ekonomya at ng kabuuang lipunang Pilipino.

Kailangan papanagutin ng mamamayan ang gubyernong Arroyo na naging pangunahing tagapagpatupad ng globalisasyon sa bansa. Lalo na ang ginawa nitong pakikipagsabawatan sa mga dayuhang kapitalista sa mga kumprador burges katulad nina Lopez na nagpayaman sa pawis at dugo ng mamamayan. Lalong lumilinaw ang mga batayan upang tuluyang itakwil ng mamamayan ang gubyernong Arroyo. Walang puwang ang gubyernong Arroyo sa sambayanan sapagkat hindi ito naglilingkod sa kapakanan ng mamamayang Pilipino.

Nabunyag ang katiwaliang nagaganap sa Maynilad at sa kabuuang sistema ng serbisyo sa tubig sa Pilipinas dahil sa paglaban ng mamamayan at mga samasamang kilos-protesta ng mamamayan sa iba't ibang lokal na water district. Mahalaga ang paglahok ng mamamayan sa mga organisasyon katulad ng Water for the People Network, na binubuo ng mga organisasyong pantao, alyansa, advocacy groups, NGO at mga organisasyon sa komunidad na nangangampanya para sa kontrol ng mamamayan sa serbisyo sa tubig at mapagkukunan ng tubig sa Pilipinas. Ang People's World Water Forum (PWWF) naman ay binubuo ng mga NGOs, unyon ng mga manggagawa, grassroot workers, eksperto, siyentipiko, estudyante, magsasaka, kababaihan, katutubo, na nagkakaisa upang ipagtanggol ang karapatan sa tubig ng mga mamamayan ng daigdig at palayain ang tubig mula sa kontrol ng mga korporasyon na ang tanging layunin ay gawing kalakal ang tubig.

Sa pagkakaisa at mapagpasyang pagkilos ng mamamayan din magmumula ang isang gubyernong tunay na maglilingkod sa interes at magtitiyak na matatamasa ng mamamayan ang mga serbisyong panlipunan. Isang gubyernong sasandig sa nagkakaisang lakas ng mamamayan upang ipagtanggol ang mga pundamental na karapatan upang mabuhay. ■